

## Gobyerno ng Shimane prefecture

## Konsultasyon para sa pamumuhay

**Mga problema o gulo sa kontrata**

(Mga halimbawa ng mga konsultasyon)

- Hindi makakonekta ang smartphone, ang sinisingil na bayad sa paggamit ay iba sa ipinaliwanag na kontrata
- Ang linya ng Internet (optical fiber) ay hindi makakonekta, ang singil na bayad sa paggamit ay iba sa ipinaliwanag na kontrata. Gustong kanselahin ang kontrata, ngunit hindi makontak ang kumpanya
- Sinisingil ng mahal na bayad sa pag-aayos ng apartment at iba pang mga paupahan na bahay sa oras ng pag-alis
- Sinisingil sa credit card na walang natatandaang binili
- Ang inorder sa internet na bagay na bayad na ay hindi pa dumarating
- Bumili ako ng second hand na kotse, ngunit agad itong nasira

Para sa mga problema sa kontrata ng mga kalakal at serbisyo, ang tagapayo ay tumutugon nang walang bayad.

**Shimane International Center (SIC)****0852-31-5056**

Tutugunan namin ang inyong katanungan sa Telepono, Skype at maaari rin po kayong bumisita sa opisina ng "SIC". **Skype : sic-honsho**

**Araw ng konsultasyon: (2018) Oktubre 11, Nobyembre 8, Disyembre 13  
(2019) Enero 10, Pebrero 14, Marso 14**

Oras ng konsultasyon sa (telepono / Skype / pagbisita sa opisina):

10:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali

Maaari namin kayong ipakilala sa ibang mga ahensya, depende sa nilalaman ng konsultasyon.

**Consumers' HOTLINE****Dial: 188**

i-dial po ang 188 kung kayo po ay nakakapag salita ng wikang hapon

Consumer Hotline para sa konsultasyon  
Maaari tumawag kahit saan sa Japan